

Chavacano Varayti ng Filipino sa Zamboanga Tungo sa Pagbuo ng Pambansang Lingua Franca

Teresita P. Semorlan

Abstrak

Ang Filipino-Chavacano sa lugar ng Zamboanga ay may malaking papel sa pagbubuo ng pambansang lingua franca – ang wikang Filipino, katutubong wika sa Pilipinas kundi maging ng wikang Ingles.

Keywords: Chavacano, kogneyt, lingua franca, morpolohiya, ortograpiya, pangalawang wika, unang wika

Introduksyon

Ano mang varayti ng wika ang umiiral sa isang komunidad ay nangangailangan ng obserbasyon at deskripsyon upang matukoy ang tunay na kaibahan nito sa iba sa paraan ng pagbigkas, sa istilo o tono ng pagsasalita, sa grammar, sa leksikon, at maging sa istruktura ng mga pangungusap. May malaking papel na ginagampanan ang mga tagapagsalita upang magkaroon ng iba't ibang varayti ang isang wika. Sabihin pa nagkakaroon ng interaksyon ang mga tao sa pamamagitan ng wika.

The author teaches at the Department of Filipino and Other Languages at MSU-IIT. She took a BSE degree in Filipino at the University of Zamboanga, her MA in Filipino (Panitikan) and Ph.D. in Filipino (Istruktura) at the UP Diliman. She is an author of language and literature books in Filipino.

Hindi naiiba ang Siyudad ng Zamboanga sa ganitong sitwasyon. Tipikal na makikita sa nasabing siyudad ang paglitaw ng mga varayti ng Filipino dahil sa iba't ibang grupong naninirahan doon; mga etnikong grupong kinabibilangan ng mga Chavacano, Cebuano at iba pang dayo sa lugar at ng mga grupo sa lugar na kinabibilangan ng mga Tausug ng Sulu, Samal ng Tawi-tawi, Yakan ng Basilan, mga Badjao sa bahay-bangka sa dagat at Subanen sa Zamboanga del Sur.

Kasaysayang Pangwika ng Zamboanga

Chavacano ang wikang sinasalita ng mga Zamboangueno. Ito ay tinatawag na *Pidgin Spanish* subalit naging *creole* na dahil may sarili itong gramatika. Sa aspektong perpektibo ginagamit ang panandang *ya*, sa imperpektibo *ta* ang panandang ginagamit at sa kontemplatibo ginagamit ang *ay*. Halimbawa: *ya canta* (umawit), *ta canta* (umaawit), at *ay canta* (aawit). Chavacano ang lingua franca ng lugar pero nananatili na bilang pangkalahatang pagsasalita ang Chavacano-Filipino.

Ang mga sundalo at opisyal na Kastila ang responsable sa pagdadala at paggamit ng "Spanish Contact Vernacular" dito sa Pilipinas. Maliwanag na ang "Garrison Troops" ang siyang may pinakamalakas na impluwensya sa naturang wika (Keith, 1956).

Ang kasaysayan ng diyalektong Chavacano, ayon kay Henry Broad (1929), ay mababakas mula panahon na isang pangkat ng mga Kastila, sa pamumuno ni Konde Salamanca, ay dumating sa Mindanao upang dalhin ang "Philip's Conquistador Civilization" sa katimugan at dito natagpuan nila ang Siyudad ng Zamboanga. Makaraan ng maraming taon, may mga Tagalog, Visaya, Ilocano, mga mula sa North Bilaan, mga Maguindanao at Subanun ang nagkainteres manirahan sa Siyudad ng Zamboanga. Ang mga katutubo sa Zamboanga, ang mga naturang Pilipino na nanggaling sa iba't ibang panig ng kapuluuan at ang mga sundalong Kastila ay nagkatagpo sa Zamboanga. Dahil na rin sa kanilang pakikipagkontak sa isa't isa, ang salitang Kastila (Broad, 1929) sa kabilang dako na tumpak at may wastong gramatika at may magandang kaanyuan ay nagkaroon ng pagbabago at paghahalaw. Sa ganitong paraan, isinilang ang Chavacano, ang wikang sinasalita ng mga Zamboangueno.

Sang-ayon kay Dr. Lydia Fer. Gonzales sa kanyang panayam noong 1992 sa UP Diliman, naiiba ang Chavacano sa lenggwahe ng España; naiiba rin ito sa Chavacano sa Cavite dahil ang Chavacano sa

Zamboanga ay nahaluan ng mga wikang matatagpuan sa kapaligiran nito gaya ng Tausug, Subanun, at Bisaya samantalang masasabing ang Chavacano sa Cavite ay nabahiran naman ng Tagalog.

Ang naturang wika ay may kaibahan sa lengguwahe ng Espanya, kaya imposibleng maunawaan ng isang Kastila ang Chavacano. Nabanggit din ni Broad na may babahagyang gramatikang tinataglay ang Chavacano sa pagpapahayag ng naturang diyalekto.

Mga Layunin ng Pag-aaral

Pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod:

1. Matukoy ang varayti ng Filipino ng ilang grupong naninirahan sa Siyudad ng Zamboanga, mula sa iba't ibang sektor ng lipunan kabilang ang mga estudyante, guro, nars, negosyante, empleyado ng opisina, tindera, maybahay, manggagawa sa pier, mga drayber, at magsasaka.
2. Mapag-aralan ang tono at intonasyon ng pagsasalita, ang paraan ng pagbigkas, ang code-switching at style shifting code, ang Chavacano-Filipino leksikon, gayundin ang pagbubuo ng mga salita, ang paggamit ng pandiwa, aspekto ng pandiwa, ang pang-ugnay, ang varayti sa pangungusap, ayos ng pangungusap at pagpapahaba ng pangungusap.
3. Maipakita ang kontribusyon ng wikang Chavacano sa pinayayamang Filipino bilang pambansang wika o sa pagbuo ng pambansang wikang Filipino.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Interesado ang resertser na malaman (a) ang klase ng Filipinong ginagamit sa siyudad ng kanyang kapanganakan at kinalakihan at (b) ang importansya ng Chavacano-Filipino sa pagbuo at pagpapayaman ng Filipino bilang pambansang lingua franca ng lahat ng mga Pilipino.

Mahalaga rin ang pag-aaral na ito upang mapatunayan ang mga sumusunod na pananaw:

- Ang Chavacano-Filipino ay isang varayti ng Filipino sa Siyudad ng Zamboanga na may maikokontribyut sa debelopment ng Wikang Filipino.

- Malayang nakapagsasalita ang mga taga-Zamboanga ng wikang Filipinong impluwesyado ng kanilang unang wika at mga wikang sinasalita sa mga karatig-pook. Masasabing hindi mali ang kanilang pagsasalita at paraan ng pagbuo ng mga pangungusap dahil ang kanilang binibigkas ay isa lamang sa maraming varayti ng Filipino.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Saklaw ng pag-aaral na ito ang pagsusuri ng varayti ng Filipino sa Siyudad ng Zamboanga. Inilimita ang pagsusuri sa:

- a. *ponolohiya* ng Chavacano-Filipino, kabilang ang tono at intonasyon, paraan ng pagbigkas ng ilang salita at paggamit ng impit o glottal;
- b. *mopolohiya* ng Chavacano-Filipino, kasama ang paggamit ng pandiwa sa verbal na komunikasyon, mga klaster, leksikon, kayarian ng mga salita, pang-uri, aspekto ng pandiwa;
- c. mga pang-ugnay na kabilang ang pang-angkop, pang-ukol at pangatnig;
- d. *sintaks* ng Chavacano-Filipino na sakop ang pagbuo at istruktura ng pangungusap at pagpapahaba ng mga pangungusap; at
- e. ortograpiya o ispeleng.

Layunin nga ng pag-aaral na ito ang mapag-aralan ang paraan ng pagbigkas, paraan ng pagsasalita, ang tono ng pagsasalita, ang code-switching, style shifting, ang Chavacano-Filipino leksikon, maanalisa ang istilo ng paggamit ng pandiwa, ang pang-ugnay at ang varayti ng mga pangungusap ng mga taga-Zamboanga.

Katuturan ng mga Termino

Matutunghayan sa bahaging ito ang depinisyong operasyunal ng ilang terminong ginamit sa pag-aaral na ito.

Chavacano. Ang wikang sinasalita ng mga Zamboangueno sa Syudad ng Zamboanga.

Kogneyt. Salitang may iisang kahulugan sa iba't ibang speech community, bagamat maaaring may ponolohikal itong varyant tulad ng anim (Tag.), Innem (Ilok.), annum (Bkl., Hil.), anam (Kap.)

Leksikon. Binubuo ito ng mga morpema at salitang nagsasaad ng kahulugan tulad ng pang-uri, pandiwa, at iba pa.

Lingua Franca. Wikang malawakang ginagamit sa isang partikular na komunidad, o sa kaso ng wikang Filipino, sa buong kapuluan ng Pilipinas, ng mga taong may sariling katutubong wika. Sinasalita ito at madaling maimpluwensiyahan ng mga umiiral na wika sa buong tagapagsalitang komunidad.

Morpholohiya. Pagbubuo ito ng mga salita o sa simpleng katawagan ang palabuan.

Ortograpiya. Ang estilo ng paggamit ng mga letra sa mga salitang hiram kasama na ang wastong ispelang na likas sa wikang Filipino at katutubong wika ng mga taga-Zamboanga.

Patern. Isang modelo ng pagbuo ng mga makahulugang tunog, salita, at bahagi ng pangungusap na ginagamit sa pagsasalita at pagsulat.

Pangalawang Wika. Wikang Filipino ang tinutukoy na pangalawang wika sa pag-aaral na ito. Ito ang wikang natutuhan ng isang tao maliban sa kanyang unang wika o katutubong wika gaya ng Chavacano.

Sintaks. Ang pag-aaral ng pagbubuo ng pangungusap o sentens.

Unang Wika. Ang katutubong wika ng isang tao na sa kaso ng pag-aaral na ito ay tumutukoy sa Chavacano na naimpluwensiyahan ng mga wika ng iba't ibang taong nanirahan sa Zamboanga.

Batayan ng Pananaliksik


Teoretikal at Konseptwal na Batayan ng Pananaliksik

Malawakang ginamit sa pag-aaral na ito ang pag-iinterbyu kaya naman nakabatay ito sa *convergence model* ng komunikasyon na di maitatangging nagdedetermina sa varayti ng wika sa isang lugar.

Si Charles Sanders Peirce, isang philosopher, ang proponent ng *convergence model* ng komunikasyon. Sa kanyang mga pagsisiyasat,

natukoy niyang nagiging makahulugan ang kahit anong komunikasyong pasalita kapag nagkaroon ng *convergence*, o pagsusugpong ang pagkaunawa o pag-intindi ng mga partisipante ng komunikasyon. Upang matamo ang ganitong convergence, kinakailangan ng mga partisipante ang gantihang pagsasagutan o feedback para maipaliwanag ang mga impormasyong tuluy-tuloy na pinagsusunud-sunod.

Narito ang ilustrasyon ng *convergence model*:



Figyur I: Ang Komunikasyon Bilang Convergence Tungo sa Pagkakaunawaan ng A at B.

Naglalarawan ang *convergence model* (Figyur I) ng dalawang partisipanteng (A at B) nagpapahayag o nagbabahagi ng impormasyon sa isang sitwasyong pangkomunikasyon.

Dahil sa convergence ng pagkaunawa o pagtatamo ng pagkaunawang komon, nabibigyang-kahulugan, naipapaliwanag at nauunawaan nina A at B ang impormasyong ibinibigay ng isa't isa na maaaring maghango ng mga bagong paniniwala, palagay, at pagkilos.

Gayon pa man, importanteng isaisip na ang pagkakaunawaan ay nangangahulugan din ng pagiging "bukas" sa pananaw ng kausap at pagbibigay-daan sa pagkaunawa ng isa't isa. Samakatwid, posibleng magkaroon din ng unawaan ang mga partisipante kahit may pagkakaiba sa palagay at saloobin.


Ang pagkakaunawaan na produkto ng patuloy na interaksyon at komunikasyon ang pinakaelemento ng *Convergence Model* kahit pa

mangahulugang "hindi kompleto ang pagkakaunawaan". Sa ibang pagkakataon, nakahihigit ang "pagpapaubaya" upang magkaunawaan. Maaari pang maganap na ang parsyal na di-pagkakaunawaan ay maging basehan ng malikhaing pagkilos at usapan. O kaya'y ang maling pagkaunawa ay maaaring magbunsod ng mga bagong ideya para sa solusyon ng problema.

Sa modelong ito, umiiral ang pagbabahaginan ng mga impormasyon sa isang mutual na proseso na nagbibigay-daan sa bawat indibidwal upang magkatagpo at magkaunawaan. Magkaiba man sila sa isa't isa. Nag-uugnay ang mga indibidwal na ito at pinag-iisa sa pamamagitan ng isang pamantayang puno ng impormasyon na nagbibigay ng progreso sa pagkakaunawaan ng isa't isa.


Ipinahihiwatig din ng *Convergence Model* ang tendensya ng mga kasangkot na indibidwal na kumilos tungo sa pagkaunawa ng isang komon na interes, gayundin sa pagbabago, kung kinakailangan. Binibigyang-halaga din nito ang impormasyon at interpretasyon. Ito ay dahil ang ating kapabilidad na maunawaan ang kahulugan ay nakasalalay sa kung sino ang nakakaunawa at naniniwala sa bagay na nakakaimpluwensiya sa paggalaw o pagkilos, maging nag-iisa o nakikisalamuha sa iba. Dumadaloy sa isang prosesong pang-impormasyon ang mensahe tulad ng pagdama, pag-unawa, paniniwala, pagkilos, pagpapahayag, pagpapaliwanag o pagpapakahulugan na maaaring magbigay-daan para sa isang mutual na pagkakaunawaan, kasunduan at askyon.

Ipinapakita sa Figyur 2 na nasa ibaba ang komunikasyon bilang convergence tungo sa mutual na pagkakaunawaan.



Figyur 2. Convergence Tungo sa Mutual na Pagkakaunawaan

Ipinapakita naman sa Figyur 3 ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral na ito. Dalawang partisipante (A at B) ang dumaraan sa isang proseso ng pagpapakahulugan, pagpapahayag, pagpapaliwanag at pag-unawa sa mga mensahe na nagmumula sa isa at nakararating sa iba.



Figyur 3. Iskima ng Paradaym ng Pananaliksik

Ang mga partisipanteng tinukoy sa Figyur 3 ay maaaring Zamboangueno, Bisaya, Tausug, Sinama, Maranao, Yakan, Subanun, Ilokano, Tagalog o Bicolano.

Naninirahan sila sa siyudad ng Zamboanga at nanggaling sa iba't ibang pook o lungsod. Iba't ibang wika ang kanilang sinasalita.

Nagaganap ang convergence sa pamamagitan ng mutual na pagkakaunawaan kahit pa may mga problemang umiiral at nakakaapekto hindi lamang sa isang indibidwal kundi sa buong komunidad.

Sa ganitong konteksto inaakalang sumilang ang Chavacano-Filipino, ang varayti ng Filipino sa Siyudad ng Zamboanga. Ang Chavacano-Filipinong ito na isang varayti ng Filipino mula sa iba't ibang taong nagsasalita mula sa Zamboanga ay may maiaambag sa pagbuo ng pambansang wikang Filipino at development ng wikang Filipino.

Metodolohiya ng Pag-aaral


Dalawang pamamaraan ang ginamit sa riserts na ito: ang pag-iinterbyu at ang deskriptibong pagsusuri ng mga nakalap na datos.

Nag-iinterbyu ang resertser ng mga guro, estudyante, negosyante sa barter trade, mga empleyado sa opisina, nars, maybahay, tindera, drayber, manggagawa sa pier at mga magsasaka sa paraang random.


Mga paksang tinalakay sa interbyu ang tungkol sa Siyudad ng Zamboanga, ugali ng mga taong naninirahan doon, pagsasalaysay sa mga traba-trabaho ng mga respondente, ang sitwasyon sa Basilan at ang mga bagay na nais pa nilang ipaliwanag at sabihin.

Itineyp ang pagsasalita ng mga impormante at itrinanskrayb pagkatapos upang maging basehan ng analisis ng Chavacano-Filipino bilang varayti ng Filipino sa Siyudad ng Zamboanga.

Sa pag-iinterbyu ng mga respondente, ginamit ng resertser ang modelo ni Harold D. Lasswell, isang politikal na Amerikanong syentipiko. Ito ang modelong nagpapakita ng sosyo-linggwistikong komponent ng pakikipagkomunika sa pamamagitan ng mga katanungang sino ang nagsasalita, ano ang isinasaad, anong channel o medium, para kanino at ano ang epekto nito at ano ang feedback ng mga respondente. Ikinunsidera ang sumusunod na balangkas sa ginawang pag-iinterbyu.



Isinasaalang-alang din sa metodolohiya ang modelo ni Howard Dean (1963). Sa modelong ito'y inilalahad ng nagsasalita ang kanyang *layunin*, *inihahatid ang kanyang ideya* at ang *reaksyon* ng mga respondente. Mailalarawan ito sa pamamagitan ng sumusunod na balangkas:



Upang makakuha naman ng mga nakasulat na datos, nagpalabas ang resertser ng 700 kopya ng kwestyonaryo. Pinuntahan ang iba't ibang kolehiyo sa Zamboanga upang makakuha ng mga estudyanteng respondente: ang Western Mindanao State University, Ateneo de Zamboanga, Zamboanga A.E. Colleges, Southern City Colleges, Zamboanga City Polytechnic College, Filipinas Technical Institute at

Zamboanga State College of Marine Science and Technology. Binigyan din niya ng kwestyonaryo ang iba pang ininterbyu.

Sa mga kolehiyo, naging matulungin naman ang dekanos, mga guros, at kahit sa opisina ay hindi naman naging problema ang mga empleyado dahil sinagot nila ang mga kwestiyonaryo sa oras ng breaktime. Ininterbyu naman sa panahon ng off-duty ang mga nars. Sa mga negosyante ng barter trade, noong una ay medyo nag-aalangan silang tumanggap ng kwestiyonaryo at magpa-interbyu dahil baka raw mapasama sila pero sa bandang huli, sumang-ayon na rin sila nang maunawaan ang layunin ng riserts. Walang naging problema sa mga empleyado, drayber, maybahay, manggagawa at magsasaka.

Sa mga magsasaka, dinagdagan pa nila ang kanilang interbyu ng isang panawagan sa pamahalaan tungkol sa mga problema sa patubig at taas ng presyo ng fertilizer. Para naman sa mga manggagawa sa pier, na binibigyang-diin ang kawalan ng pagbabago ang buhay nila mula't sapul.

Analisis at Interpretasyon ng mga Datos

Gaya ng nabanggit sa metodolohiya, dalawang pamamaraan ang ginamit sa riserts na ito: ang pag-iinterbyu at ang deskriptibong pagsusuri ng mga nakalap na datos.

Sa pamamagitan ng interbyu, napag-aralan ang ponolohiya ng Chavacano-Filipino sa pamamagitan ng mga sumusunod: tono at intonasyon, paraan ng pagbigkas ng ilang salita, paggamit ng impit o glottal stop, pagkakahalu-halo ng mga varayti sa estratehiyang code-switching at style shifting code, at paggamit ng pandiwa sa verbal na komunikasyon.

Sa pamamagitan naman ng survey questionnaires, napag-aralan ang tungkol sa ortograpiya, leksikon, morpolohiya at sintaks ng Chavacano-Filipino. Kabilang na sinuri ang palabaybayan o ispeking, pagbuo ng mga klaster, Chavacano-Filipino leksikon, pang-uri, kayarian ng mga salita, aspekto ng pandiwa, mga pang-ugnay, pagbuo at ayos ng mga pangungusap, at pagpapahaba ng pangungusap.

Paraan ng Pagbigkas sa Ilang Salita

- Sa pangkalahatan, binibigkas na /c/ o /k/ ang /g/ at /t/ ang /d/ kapag tuluy-tuloy ang pagsasalita ng mga taga-Zamboanga, bagamat hindi nila namamalayang ang /g/ ay nabibigkas nila ng /c/ o /k/ at ng /d/ ay nabibigkas nila ng /t/. Halimbawa:

/G/ at /D/	/C/ o /K/ at /T/
sinusunog	sinusunoc
bulagsak	bulacsag
itlog	itloc
magkasama	mackasama
low tide	low tite
high tide	high tite
tubig	tubic
gayod	gayot (talaga)
feedback	feetback

Halimbawa ng mga pangungusap:

Nililinis nila ang kanilang bakuran, laguerta, *sinusunoc* ang mga patay na damo at ang luoy na mga dahon.

Ang mga tao ay *mackasama* sa pagtulong para maging maganda ang lugar.

Ang iba ay *bulacsag* sa kuwarta kaya minsan ubos ang pera nila.

Mura din ang isda, ang karne, *itloc*, shells at hipon.

Pero minsan *high tite*, minsan low tite ang tubic sa dagat.

Maganda ang *feetback* tungkol dito.

- Binibigkas na /iu/ ang tunog na /w/
Nahihirapan ang mga taga-Zamboanga na bumigkas ng tunog na /w/ at sa halip, binibigkas nila ito ng /iu/.

Halimbawa:

magiliw	—————→	magiliu
maaliw	—————→	maaliu
paksiw	—————→	paksiu

Halimbawa ng mga pangungusap:

Ang mga Zamboangueño ay *magiliu* sa mga tao.

Maaaliu kayo sa lugar namin.

Masarap kaming magluto ng adobong manok, sarsayadong isda, *paksiu*.

Ganito ang paraan ng pagbigkas ng mga Tausug sa mga salitang binanggit. Samakatwid, masasabing maaaring naimpluwensyahan ng mga Tausug ang mga taga-Zamboanga sa pamamaraan ng kanilang pagbigkas.

Impit o glottal stop

- Ang salitang katulad ng “nakita” ay binibigkas nang pinahahaba ang gitnang patinig at may impit sa huli. Ganito ang pagbigkas ng mga taga-Zamboanga sa salitang ito:

/nakita/ - (naki.ta?)

Maiisip na naimpluwensyahan sila ng mga Bisayang naninirahan sa siyudad na kilala sa paggamit ng impit na tunog sa pagbigkas ng mga salita.

- Ang salitang “isda” ay hindi binibigkas nang tuluy-tuloy; sa halip binibigkas ito nang malumi ngunit may impit din sa /a/. Sa halip na bigkasin ito ng isda /isda?/ binibigkas ito ng /is.da?/.

Maaaring impluwensya rin ito ng mga Tausug sa mga taga-Zamboanga.

- Ang "mangga" /manggah/ ay hindi rin binibigkas nang mabilis at sa halip ay malumay: /mang.gah/. Sa mismong siyudad ng Zamboanga, ang salitang ito ay mahinay ang bigkas, /mang.gah/, kaya masasabing epekto ito ng malaking bahagi ng lipunang tagapagsalita.

Paggamit ng Pandiwa

May varyasyon ang mga pandiwang ginagamit ng ilang mga taga-Zamboanga. Sa halip na gamitin ang panlaping *um-*, *mag-*, ang kanilang ginagamit.

Halimbawa:

<i>Maggawa</i> kami ng listahan para sa mga bibilhin na pagkain.
Mahilig silang <i>magpasok</i> sa ganoong problema.
<i>Magkain</i> na kayo.
<i>Nagkakain</i> kami lagi ng frutas dito sa Zamboanga.
Hindi ako masyadong <i>maggastos</i> ng pera.
Sana huwag na silang <i>maggawa</i> ng masama.
<i>Magbili</i> din ako ng canned goods.
Huwag sila <i>mag-away</i> sa sibilyan.
<i>Nagpili</i> ako ng parehong design sa batic at Chinese cotton.
Kami ay <i>nagsusunod</i> sa mga utos ng pamahalaan.

Masasabing ang paggamit ng mga taga-Zamboanga ng mga pandiwang ginagamitan ng panlaping *mag-* ay impluwensya o epekto rin ng Kabisayaan. Gaya ng nabanggit na, maraming Bisayang naninirahan sa Zamboanga at marami rin sa kanila ang pumupunta sa nasabing siyudad. Kaya naman hindi katakatang naimpluwensyahan nila ang Chavacano-Filipino ng mga taga-Zamboanga sa paraan ng pagsasalita, lalung-lalo na sa paggamit ng mga panlapi ng pandiwa.

Kung nagsasalita ang mga Bisaya, mapapansin na ang karaniwang ginagamit nilang panlapi ay mag-, mang- at i-, tulad sa mga salitang ito: *mangaun, magkaun, mangayo, mag-unsang, ihatag, ibutang*.

Sa Pamamagitan ng Kwestyonaryo

Klaster

Batay sa pag-aaral, maraming klaster ang ginagamit sa Chavacano-Filipino dahil na rin sa impluwensya ng wikang Kastila sa Siyudad ng Zamboanga. May mga klaster na matatagpuan sa unahan at gitna ng mga salita tulad ng mga sumusunod:

Una	Gitna
presko	sentro
syempre	disgrasya
pwesto	administrador
frutas	eskwelahan
klima	progreso

Ispeling

Sa mga nakalap na kuwestiyonaryo, nakitang ginagamit pa ng mga respondente ang letrang /c/ kaysa /k/ sa kanilang pagsulat. Ispeling Kastila o Chavacano ang kanilang ginamit dahil karamihan sa kanila ay impluwensyado pa rin ng alpabetong Kastila.

Halimbawa:

contento sa halip na *kontento*

comento sa halip na *komento*

claro sa halip na *klaro*

mercado sa halip na *merkado*

Ginagamit din ng mga respondente ang letrang *f* sa halip na *p*. Orihinal na ispelang ang nakita sa pagsulat ng salitang *famoso, frutas*, at

fiesta. Ginamit din nila ang letrang *v* sa halip na *b* para sa mga salitang *privado* at *adventurista*, ngunit hindi para sa *observasyon*. Gayundin, binago ang ispelang para sa orihinal na *cion* na naging *syon*, kung saan sinunod ang tuntunin sa wikang Filipino na "kung anong bigkas, siyang baybay".

Gamitin din ng mga taga-Zamboanga, anuman ang kanilang demographic profile, ang ispelang ponemiko. Nakakaltas ang tunog ng *li* at tuluy-tuloy ang pagbigkas ng *syon*. Tulad nito:

transportasyon	propesyonal
komunikasyon	polusyon
lokasyon	okasyon
prostitusyon	disgrasya

Leksikon ng Chavacano

Gaya ng nabanggit na, malawakang nahahaluan ng wikang Bisaya ang Chavacano-Filipino dahil sa maraming Bisayang nakikipag-interakt sa mga taga-Zamboanga. Ang mga salitang Bisaya tulad ng *maskin* (kahit), *cay* (kasi), *amo gane* (kaya nga), *man* (naman), *gane* (nga), *gayod* (talaga) at *luoy* (lanta) ay bahagi ng Chavacano-Filipino.

Halimbawa:

Maskin saan naman may gulo.

Cay delikado ang panahon.

Siyudad *gane* ng mga bulaklak ang tawag sa
Zamboanga.

Maganda ang mga aplaya dito sa siyudad namin,
malinis *gayod*.

Amo gane dapat magmahalan ang Muslim at
Kristiyano.

Luoy na mga dahon, yon bang mga lantang dahon.

Nahihiya *man* ako magpaliwanag kasi kulang ang
Tagalog ko.

Inaakalang pitumpung porsyento ng leksikon ng Chavacano-Filipino ay batay sa Kastila kaya hindi kataka-taka kung maraming mga salitang Kastila ang ginamit ng mga respondente sa kanilang pagsasalita at pagsulat. Tulad nito:

kontento	administrador	hospitable
sentro	isla	presko
klase	frutas	benta
arogante	sobra	klima
bisita	gobyerno	kanto
kalsada	baryo	tribo
soldado	oportunidad	protekta
kuwenta	epekto	suweldo
superyor	proyekto	mestiza
apektado	miembro	membro

Ipinalalagay, dala ng edukasyon at mga babasahing Ingles, na marami ring mga salitang Ingles ang ginamit ng mga impormante tulad ng mga sumusunod:

Mga Salitang Ingles

landmark	national language	tourist spot
tourist attraction	suggestion	compared to
businessman	unity and cooperation	10% Muslims
90% Christians	peace and order situation	power
if ever	shock absorber	11 o'clock
counter checking	assistance ng government	immune
outside condition	share ng government	by kilo
cleanliness	vocabulary	attitude
values	express	realize
safe	dancer	military

Pagbubuo ng mga Salita

Hindi naiiba ang varayting Chavacano-Filipino sa iba pang wikang sinasalita sa Pilipinas. Ito'y maaaring *payak*, *inuulit* at *maylapi*.

May mangilan-ngilan lamang nakitang tambalang salita sa mga sinuring datos.

- *Payak* – Masasabing *payak* ang salitang Chavacano-Filipino kapag hindi ito sinasamahan ng panlapi.

Halimbawa:

benta	lugar	tribo
parte	barato	progreso
suweldo	turista	tumpok
okasyon	kooperasyon	inosente

- *Inuulit* – May nabubuong ganap na pag-uulit ang nasabing wika. Wala namang nakitang parsyal na pag-uulit sa mga nakalap na datos.

Halimbawa:

apektadong-apektado
kontentong-kontento
parehong-pareho
desenteng-desente

- *Maylapi* – Maaaring ilagay ang panlaping Chavacano-Filipino sa unang posisyon ng salita na tinatawag na *pag-uunlapi*, sa huling posisyon (*paghuhulapi*) at sa una at huling posisyon ng salita (*pag-uunlapi at paghuhulapi*)

- *Pag-uunlapi*

Mapapansing maraming panlapi sa Chavacano-Filipino ang matatagpuan sa unahan ng salitang-ugat gaya ng *mag, pag, i, ma*.

Halimbawa:

*magnoby*o, *pagbebenta*, *pagpoprotekta*
ma-express, *i-mentain*, *pagtrabaho*

- *Paghuhulapi* – ito ang mga panlaping maaaring matagpuan sa hulihan ng salitang-ugat: *hin*, *han*, at *an*.

Halimbawa:

asikasuhin	tulungan
suwelduhan	tigilan

- *Pag-uunlapi at Paghuhulapi*
Ito ang mga panlaping maaaring makita sa unahan at hulihan ng salitang-ugat.
Halimbawa:
naobserbahan
napoprotektahan
Tambalan: *matapobre* (mapanlait)
mucho-voca (madaldal)

Pagbuo ng mga Pangungusap na may Halong Hiram na Salita

Nakitang ang pagbuo ng mga pangungusap sa Chavacano-Filipino na hinaharuan ng mga salitang hiram ay mauuri sa tatlong kategoriya:

- Kombinasyon ng mga salitang Ingles at Chavacano
Halimbawa:
 1. Sana ma-improve ang *peace and order situation* sa Basilan.
 2. Dapat may *unity and cooperation* ang mga tao.
 3. Maraming *ethnolinguistic groups* ang maaaring makatanggap ng share ng government.
 4. Sana matulungan ninyo kami *through prayers*.
- Kombinasyon ng mga salitang Kastila at Chavacano
Halimbawa:
 1. Sa Zamboanga, makakabili tayo ng isda na hindi *por kilo*.
 2. Ang gobyerno mismo ang dapat magbigay ng *clarong regulasyon* para sa mga empleyado .
 3. Karapatan ng mga tao ang tumanggap ng suportang pinansyal mula sa *gobyernong local*.
 4. *Simple* ang pamumuhay, *barato* ang mga bilihin at *bastante* ang pagkain sa Zamboanga.
 5. *Nakahilera* ang mga tindahan na may *paboritong frutas malapit sa mercado*.
- Kombinasyon ng mga salitang Ingles, Kastila at Chavacano
Halimbawa:

1. Ang *suggestion* ko, sana bigyan ng gobyerno ng *importansya* ang mga *ethnic groups* para mabawasan ang mga problema.
2. Bilang isang *concerned citizen* sa Zamboanga, nirerespeto ko ang *reglamento* ng siyudad.
3. Myembro ako ng iba't ibang organisasyon sa *local government, chairman sa 4-H club at Red Cross Youth Movement*.

Istruktura ng Pangungusap

May sinusunod na istruktura ang mga pangungusap sa varayting Chavacano-Filipino. Ito ang *normal* at *di-normal* na istruktura.

Ang normal na istruktura ng pangungusap ay nauuna ang panaguri at ang simuno ang nahuhuli (Garcia: 1992:95)

- Ito ang patern ng normal na istruktura ng pangungusap sa Chavacano-Filipino: *panaguri + subjek/paksa*.

Halimbawa:

1. Nagbebenta ng mga tela, tulad ng Batic, Malong, Chinese Cotton ang mga barter traders.
2. Maraming klase ng bulaklak sa Siyudad ng Zamboanga.
3. May maraming frutas na makakain dito.
4. Peaceful ang Zamboanga noon, hindi kagaya ngayon.

Ang ay ang marker o panandang pampredikeyt na matatagpuan sa pangungusap kung hindi normal ang ayos nito o kapag nauuna ang simuno sa panaguri na siyang kabaligtarang ayos sa istruktura ng pangungusap sa Filipino (Garcia, 1992).

- Ito naman ang patern ng di-normal na istruktura ng pangungusap sa Chavacano-Filipino: *subjek/paksa + marker ng panaguri + panaguri*.

Halimbawa:

Ang mga taga-Zamboanga ay hospitable.

Araw-araw ay may mga lantsang pumupuntang Basilan.

Konklusyon

Nabubuo ang varayti ng wikang Filipino ayon sa paggamit ng iba't ibang etnolinggwistikong grupo. Kapag nagpi-Filipino ang isang Zamboangueño, naiimpluwensyahan ng Chavacano ang kanyang pagpi-Filipino, gayundin ang Tausug kung siya'y magpi-Filipino. Maaaring maimpluwensiyahan ng mga salita at tunog ng Muslim ang Filipino sa Mindanao, impluwensyado ng mga tunog at salitang Ilonggo ang Filipino ng Iloilo, at maaaring maimpluwensiyahan ng tunog at salita ng mga Cebuano ang Filipino ng Cebu. Kaya masasabing nag-iiba-iba ng anyo ang Filipino depende sa gumagamit na lugar at sa unang wika ng gumagamit. Kaya nga masasabing hindi totoo ang paniniwala ng taga-ibang lungsod at probinsya na nagmula lamang ang Filipino sa Tagalog.

(Editor's note: "Chavacano" is also spelled as Chabacano. Zamboangueño writers, Antonio Reyes Enriquez and Francis C. Macansantos began to spell the word with a "b" since 2006).

Mga Reperensya

- Akamin, Jun. 1996. *A Grammatical Analysis of Manuk Mangkaw Sinama*. Unibersidad ng Pilipinas: Ph. D. Philippine Studies.
- Anderson, James M. 1986. *Structural Aspects of Language Change*. New York: Yongman Group Ltd.
- Broad, Henry Philip. *Chavacano*. Philippine Magazine, Vol. 26, No. 3 (August 29 1929) pp. 146-160.
- Chafe, Wallace. 1973. *The Meaning and Structure of Language*. Chicago: The University of Chicago Press.
- Delima, Purificacion. 1993. *Emerging Filipino Variety as Interchanges Among Native and Non-Native Speakers: An Analysis*. Unibersidad ng Pilipinas.

- Garcia, Lydia G. 1992. *Makabagong Gramar*. Quezon City: Rex Book Store, Inc.
- Keith, Whinnom. 1956. *Spanish Contact Vernacular in the Philippine Island*. Hong Kong University Press.
- Lyons, John. 1981. *Language and Linguistics. An Introduction*. Cambridge and New York: Cambridge University Press.
- Malonzo, Luz. 1970. *History of Zamboanga City*. Manuel Luis Quezon University: M.A. Thesis.
- Manrique, Isidro G. 1991. *Panimulang Pag-aaral ng Wikang Romblon*. Unibersidad ng Pilipinas: M. A. Filipino.
- Mckaughan, Howard. 1954. *Notes on Chavacano Grammar*. University of Manila Journal of East Asiatic Studies, Vol. III, No.2, pp. 204-224.
- Mendigo, Rosalina A. 1995. *Barayti ng Dagupan Filipino sa Ilang Programa ng Radyo sa Dagupan*. Unibersidad ng Pilipinas: M.A. Philippine Studies.
- Paz, Consuelo J. 1967. *The Morphology and Syntax of Tagalog Nouns and Adjectives*. Unibersidad ng Pilipinas: M.A. Linguistics.
- _____. 1977. *A Reconstruction of Proto-Phillipine Phonemes and Morphemes*. Unibersidad ng Pilipinas: Ph. D. Linguistics.
- Mascariña-Resuma, Vilma. 1992. *Pedagogyikal na Gramar ng Wikang Filipino: Isang Modelo*. Unibersidad ng Pilipinas: Ph. D. Filipino.